# Balitang Manmin

BILANG 167 NOBYEMBRE 6, 2016


# Ipinakita ang Kapangyarihan sa mga Lugar na Hindi Pa Nararating ng Ebanghelyo!

## Ehipto, Malaysia, at Sri Lanka


1



2


3


4


5


6


7


8


9

Mula Agosto 30-Setyembre 10, nagdaos si Pastor Taesik Gil (Daejon Manmin Church) ng mga seminar para sa mga pastor at mga kumperensya na may panyong nakapagpapagaling sa Ehipto, Malaysia, at Sri Lanka. Maraming mga pastor at mananampalataya mula sa iba't ibang denominasyon ang nagsidalo. Higit sa lahat, naipangaral ang tungkol sa Diyos na Manlilikha at tungkol kay Jesu-Cristo, naipakita rin ang kapangyarihan ng panyong dinalanginan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12).

### Ministeryo sa Ehipto: Mula Agosto 31-Setyembre 1, "Mga Paraan para Tumanggap ng mga Sagot" at "Mga Paraan para Muling Sumigla ang Iglesya"

Noong Agosto 31, idinaos ang unang pagpupulong sa Tambadi Pentecostal Church sa Ehipto (litrato 5). Pinayagan ng gubyerno na makapagrehistro ang iglesya noong Marso 2016. Dahil dito naipapahayag ang ebanghelyo at ang ministeryo ng Manmin sa maraming lugar sa Ehipto.

Ipinangaral ni Pastor Taesik Gil ang tungkol sa mga paraan para tumanggap ng mga kasagutan, idinalangin din niya ang mga maysakit gamit ang panyo. Niluwalhati ng marami ang Diyos dahil nagsigaling sila mula sa kanilang mga karamdaman. Dahil sa pananalangin at tulong mula sa ibang tao, nawala ang pananakit na naramdaman ni Kapatid Nabil, nagdusa siya dati sa bato. May isang lalaking hindi makapaglakad dahil sa polio, dahan-dahan siyang nakapaglakad.

Kinaumagahan, Setyembre 1, idinaos ang Seminar para sa mga Pastor sa Magha Pentecostal Church na pinagpapastoran ni Bishop Azez Morgan. Ang pinakamahalagang tema ng seminar ay "ang mga paraan para sa muling pagpapasigla ng iglesya" (Ang Mga Gawa 2:42-47). Dumalo ang mga pastor mula sa sampung denominasyon, nagmula sila sa DR Congo, Nigeria, Ethiopia, Southern Sudan, at Ghana.

Pagkatapos ng seminar, sinabi ng mga pastor na dumalo, "Unang beses naming narinig ang tungkol sa napakapraktikal na mensahe tulad nito para sa muling pagpapasigla ng iglesya." Sinabi ni Bishop Azez Morgan, "Nagdesisyon ako na magsimulang muli, gagamitin ko ang mensaheng natutuhan ko. Dapat tayong magsimulang manalangin para sa muling pagpapasigla ng iglesya tulad ng ginagawa ng Manmin Central Church gabi-gabi."

Kinagabihan, idinaos ang pulong na may panyong nagpapagaling doon din mismo sa lugar na iyon. Nagawang yumukod ni Kapatid Mamdouh pagkatapos ng 18 taon magmula noong operahan siya sa gulugod. Nawala ang pananakit ng kanser sa obaryo ni Kapatid Emam nang tanggapin niya ang apoy na Banal na Espiritu! Maraming tao ang bumuti ang paningin. At marami pang ibang nangyaring pagpapagaling (litrato 6-7).

### Ministeryo sa Malaysia: Setyembre 4, "Bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas Natin?"

Noong Setyembre 4, inimbitahan si Pastor Gil ng Kuala Lumpur FGA Church, isang malaking iglesya sa Malaysia, nagdaos siya ng dalawang krusada dito. Inimbitahan siya doon dahil gusto ng mga miyembro na bumalik ang init ng pananampalataya nila sa tulong ng Banal na Espiritu.

Ibinahagi ni Pastor Gil ang mensaheng "Bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas Natin?" Idinalangin din niya ang mga maysakit gamit ang panyong makapangyarihan. Nawala ang matinis na tunog sa mga tainga ng isang lalaki na nagpahirap sa kanya sa loob ng maraming taon, naging tuwid ang balikong gulugod ng isang tao. Bumuti ang pandinig at paningin ng marami. Naranasan nila ang pagkilos ng Banal na Espiritu, napuno ng pagpapala at emosyon ang mga dumalo (litrato 1, 2, 3, at 8).

Hiniling nila kay Pastor Gil na dalasan ang pagbisita sa kanila. Sinabi ni Elder Dorai Manikam na masaya ang mga miyembro at nagkaroon ng mas malaking pananampalataya dahil sa kamangha-manghang kapangyarihan at Salita ng Buhay.

### Ministeryo sa Sri Lanka: Setyembre 6-7, "Mga Antas ng Kapangyarihan" at "Mga Paraan para Tumanggap ng Sagot"

Noong Setyembre 6, nagdaos ng seminar para sa mga pastor sa Colombo, Sri Lanka. Mahigit sa 300 mga pastor ang dumalo dito at tinalakay ni Pastor Taesik Gil ang tungkol sa mga antas ng kapangyarihan (Juan 14:12). Nakausap niya ang ilang mga pastor, hinangad din nila na mas malaman pa ang tungkol sa ministeryo ng Manmin. Padami nang padami ang bilang ng mga pastor na nagkakainteres sa ministeryo ng Manmin, at ang mga iglesyang nakikipagtulungan dito ay nakararanas ng muling pagsigla ng pananampalataya.

Noong Setyembre7, nagkaroon ng pagpupulong na may panyong nakapagpapagaling sa lunsod ng Wattali. Ito ay dinaluhan ng mga miyembro mula sa mahigit sa sampung iglesya. Ipinangaral ni Pastor Gil ang mensaheng pinamagatang "Mga Paraan para Tumanggap ng mga Sagot." Pagkatapos ng mensahe, nanalangin siya gamit ang panyo. May isang lalaking nagawang lumuhod, 15 taon na niyang hindi nagawa ito, nawala naman ang pananakit ng gulugod ng isang tao na pinagdusahan niya sa loob ng 23 taon. May mga lumaya mula sa masasamang espiritu. Maraming tao ang pinagaling ng Diyos at niluwalhati Siya ng mga ito (litrato 4 at 9).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Natagpuan sa Damit ni Jesus ang Kalooban ng Diyos

"Nang maipako ng mga kawal si Jesus, kanilang kinuha ang Kanyang mga kasuotan at hinati sa apat na bahagi, sa bawat kawal ay isang bahagi. Gayundin ang tunika, at ang tunika ay walang tahi, na hinabing buo mula sa itaas. Kaya't sinabi nila sa isa't isa, 'Huwag natin itong punitin, kundi tayo'y magpalabunutan kung kanino mapupunta.' Ito ay upang matupad ang kasulatan, na nagsasabi, 'Pinaghatian nila ang Aking kasuotan, at ang Aking balabal ay kanilang pinagpalabunutan.'"
(Juan 19:23-24)

Dumating sa mundong ito si Jesus na Anak ng Diyos, nagtiis ng matinding pag-uusig, at ipinako sa krus. Bakit ipinahiya si Jesus hanggang sa puntong hubaran Siya sa harap ng mga tao, at ano ang kalooban ng Diyos na natagpuan sa damit panlabas at panloob Niya?

## 1. Tiniis ni Jesus ang Kahihiyan ng Hubaran Siya

Ipinasan ni Jesus ang krus na kahoy na pagpapakuan sa Kanya hanggang makarating Siya sa Golgota. Nang makarating Siya sa lugar kung saan Siya papatayin, kinuha ng mga sundalo ang damit panlabas at panloob Niya. Ibinitin Siya sa krus nang nakahubad. Tumutupad ito sa nakasulat sa Biblia, mababasa natin sa Mga Awit 22:18, "Kanilang pinaghatian ang Aking mga kasuotan, at para sa Aking damit sila ay nagsapalaran." Ang dahilan kung bakit may detalyadong pagsasalarawan ng kasuotan ni Jesus sa Biblia ay sapagkat sinisimbulo nito ang kasaysayan ng Israel.

Sapilitang tiniis ni Jesus, ang Tanging Anak ng Diyos na Siyang Kataastaasan, ang kahihiyan dahil hinubaran Siya sa harapan ng mga mabababang nilalang. Bakit Siya pinahiya na ganoon? Tiniis Niya ang kahihiyan para sa atin na dapat sanang magdusa. Ibinigay kay Jesus ang panlalait at galit na dapat para sa ating mga makasalanan.

Pinakamarumi sa lahat ng marumi at mas kahiya-hiya sa lahat ng kahihiyan ang kasalanan. Dahil karamihan sa mga tao ay nabubuhay sa kalagitnaan ng kasamaan, hindi na nila namamalayan na kasalanan ang ginagawa nila. Pero dahil inilalabas ng liwanag ang mga bagay sa dilim, kapag niliwanagan ang puso natin ng Salita ng Diyos, na Siya mismong Liwanag, lalabas lahat ng nakakahiyang kasalanan sa kalooban natin. Hindi pwedeng ikaila ng mga taong lubog sa karumihan ng mundong ito at nabubuhay sa kasalanan ang nakakapoot na mga puso at gawain nila. Haharap sila sa paghatol ng Diyos, lalantad ang mga kasalanan nila.

Pero tinubos tayo ni Jesus mula sa mga kasalanan natin, tiniis Niya para sa atin ang kahihiyan at panlilibak. Sinumang maniniwala dito ay makakalaya mula sa kahihiyan. Kaya dapat magpasalamat ng buong puso ang bawat isa sa atin sa pagmamahal ng Panginoon at maging handa na tumanggap sa Kanya sa mabilis na pagpapakabanal.

## 2. Ang Kalooban ng Diyos Tungkol sa Paghahati ng mga Sundalo ng Damit na Panlabas ni Jesus

Sa espirituwal na diwa, sinisimbulo ng damit na panlabas ni Jesus ang bansang Israel at ang mga mamamayan nito. Nang paghatihatian sa apat na piraso ang damit na panlabas, nawala ang porma nito, naging pirapirasong tela na lang ito. Ipinapakita dito kung paano babagsak ang Israel. Tulad ng pirapirasong telang natira sa damit na panlabas ni Jesus, ang 'mga mamamayan ng Israel' ang mananatili.

Kaya ang paghahatihati ng mga sundalong Romano ng damit na panlabas ni Jesus ay sumisimbulo kung paano wawasakin ng mga sundalong Romano ang bansang Israel. Ang paghahati nito sa apat na piraso ay nagpapakita na kakalat sa apat na direksyon ang mga mamamayan ng Israel – hilaga, timog, silangan, kanluran.

Ang propesiya ni Jesus tungkol sa lunsod ng Jerusalem ay makikita sa aklat ng Lucas 19:43-44: "Sapagkat darating sa iyo ang mga araw, na ang mga kaaway mo ay magtatayo ng muog sa palibot mo at papaligiran ka, at gigipitin ka sa bawat panig. At ibabagsak ka sa lupa, ikaw at ang iyong mga anak na nasa iyo. Sa iyo'y hindi sila mag-iiwan ng bato sa ibabaw ng kapwa bato; sapagkat hindi mo kinilala ang panahon ng pagdalaw sa iyo."

Eksaktong ayon sa propesiya, noong 70 A.D., pinamunuan ni Heneral Titus ang ganap na pagwasak ng lunsod ng Jerusalem. Tulad ng sinabi ni Jesus, "Hindi sila mag-iiwan ng bato sa ibabaw ng kapwa bato," walang natira sa Jerusalem. Sa paglusob sa lunsod, mahigit sa isang milyong Judio ang pinatay, at ang mga natirang buhay ay naitaboy sa iba't ibang lugar at naging biktima ng lahat ng klaseng pag-uusig mula sa mga Hentil.

Ang pinakamalupit na pangyayari sa mga Judio ay ang pagpatay na ginawa noong panahon ng mga Nazi noong II Digmaang Pandaidig. Mahigit sa anim na milyon ang hinubaran at pinatay sa dahilang sila ay mga Judio. Ang napakalaking bilang ng mga taong pinatay ay isa sa mga sumpa dahil pinatay ng mga ninuno nila si Jesus, na dumating sa mundo bilang Hari nila.

Ipinilit ng mga Judio na patayin si Jesus, sinabi nila, "Pananagutan namin at ng aming mga anak ang Kanyang dugo!" (Mateo 27:25), kaya tinanggap nila ang kaparusahan sa hiniling nila, at nabuhay sila sa malupit na kasaysayan. Ang lahat ng ito ay nagbigay ng kahulugan kung bakit hinatihati ng mga sundalong Romano sa apat na piraso ang damit na panlabas ni Jesus.

## 3. Ang Kalooban ng Diyos Kung Bakit Pinagpustahan (Nagsapalaran) ng mga Sundalo ang Tunika ni Jesus

Walang tahi ang tunika ni Jesus – ibig sabihin, hindi ito pinagdugtongdugtong – ito ay 'hinabi ng isang buo'.

Ang itinutukoy na "tunika" dito ay ang puso ng tao. Ang tunika ni Jesus, Hari ng Israel, ay sumisimbulo ng salinlahi ng Israel at ng pananampalataya nila sa Diyos.

Ang tagapagtatag ng mga Israelita, mga Pinili ng Diyos, ay si Jacob. Ang Diyos mismo ang nagpalit sa pangalan ni Jacob ng "Israel" at bumuo ng labindalawang tribo ng Israel mula sa labindalawang anak ni Jacob. Sa loob ng mahabang panahon, magkakauri o iisang lahi ang mga Israelita, hindi sila nag-aasawa ng mga lalaki o babae mula sa ibang bansa, at Diyos lang ang pinaglilingkuran nila.

Habang naghahari si Rehoboam, ang anak ni Solomon, nagkaroon ng digmaang sibil sa Israel at nahati ang Israel sa dalawa – Israel sa kahilagaang bahagi at Judah sa katimugang bahagi. Nagsimulang mag-asawa ng mga Hentil ang mga mamamayan ng Israel sa kahilagaang bahagi, nawala sa kanila ang integridad ng pagiging magkakauri. Ang mga mamamayan ng Judah sa katimugang bahagi ang naging mga tunay na inapo ng Israel dahil nanatili sila sa kauri nila. Hanggang ngayon, tinatawag na "mga mamamayan ng Judah" ang mga inapo ng Israel, o kaya mga Judio.

Tulad ng tunika ni Jesus na iisang piraso ang pagkakahabi, nanatiling magkakauri ang mga Judio mula sa kanilang ninunong si Jacob. Ito ang dahilan kung bakit hindi pinirapiraso ng mga sundalong Romano ang tunika ni Jesus. Sa espirituwal na diwa, sinisimbulo nito ang kalooban ng mga Judio para sa Diyos na hindi mahahati o mawawasak ng tao. Nabigo ang Roma na buwagin ang pananampalataya ng mga mamamayan ng Israel.

Kahit pagkatapos ng pagbagsak ng Jerusalem at sa kabila ng kahirapan at pagdurusa sa lahat ng sulok ng mundo sa loob ng dalawang libong taon, hindi nawala o tinalikuran ng mga Judio ang kanilang pagkakakilanlan. At sa wakas, noong Mayo 14, 1948, nakabalik sila sa lupain ng kanilang mga ninuno, at nakapagtatag ng isang malayang bansa. Natupad ang propesiya sa Ezekiel 38:8-9. May iba pa bang lahi sa mundo ang nanatili sa kanilang kasarinlan, nanatiling ligtas dahil sa kanilang pananampalataya, at naibalik ang estado bilang isang bansa 1,900 taon pagkatapos nitong mawasak?

Ang kalooban at pananampalatayang minana ng mga mamamayan ng Israel mula sa kanilang ninunong si Jacob ay ganito katatag, at ang pananatiling buo ng tunika ni Jesus ang nagpropesiya ng mahahayag na kasaysayan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, Natupad na ang lahat ng nakasulat sa Biblia tungkol sa pagbagsak ng Jerusalem, pagdurusa ng mga Judio, pagkawasak at muling pagbangon ng Israel. May mga bagay pang mangyayari sa hinaharap, isa na dito ang muling pagbabalik ng Panginoong Jesu-Cristo para dalhin tayo sa Langit. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na mananatili kayong nakahanda at nananalangin, mabilis na naggagayak bilang mga babaing pakakasalan ng Panginoon na muling babalik para kunin tayo.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)
"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Mga Paraan para Tumanggap ng mga Sagot at Biyaya

Nais bigyan ng Diyos ng Pag-ibig ng mga biyaya, proteksyon, pagpapala, at kapayapaan ang mga anak Niya (Mga Bilang 6:24-26). Pero para tanggapin ang mga biyaya mula sa Diyos, dapat nating sundin ang batas ng katarungan. Detalyadong itinala ng Diyos ang batas ng katarungan sa Biblia at ang mga mananampalataya na susunod dito sa espiritu at katawan ay tatanggap ng mga biyaya Niya. Narito ang mga batas ng katarungan para tanggapin ninyo ang mga sagot at mga biyaya.

## 1

### Paniwalaan ninyo ng walang pagaalinlangan ang katuparan ng panalangin para sa mga biyaya at ang mga pagbasbas sa sandaling ipahayag ito sa pangalan ng Diyos

Sinasabi sa Isaias 55:11, "Magiging gayon ang Aking salita na lumalabas sa bibig Ko; hindi ito babalik sa Akin na walang bunga, kundi gaganapin ang ayon sa layunin Ko, at magtatagumpay sa bagay na kung saan sinugo Ko ito." Ipinahayag ng Diyos ang kalooban Niya sa pamamagitan ng mga propeta at mga apostol. Lahat ng naipahayag ay tiyak na natupad.

Sa aklat ng Genesis kabanata 27, mababasa natin na dinaya ni Jacob ang kanyang amang si Isaac para tumanggap ng mga biyaya. Napakatanda na ni Isaac, malabo na ang paningin niya, hindi na niya makilala ang mga tao. Napagkamalan niyang si Esau si Jacob kaya ito ang binasbasan niya. Nang malaman niya ang nangyari, labis siyang nanginig. Ito'y sapagkat batid niya na hindi na niya pwedeng ipawalang bisa o bawiin ang basbas sa sandaling sabihin niya ito sa pangalan ng PANGINOONG Diyos.

Ang basbas para sa panganay ay naipasa kay Jacob, ito ay ayon sa katarungan. Nagtiwala si Jacob sa kapangyarihan ng panalangin tungkol sa pagbasbas, tinanggap niya ito ng may paghahangad. Sa kabilang banda, ipinagbili ni Esau ang karapatan niya kapalit ng isang mangkok ng sabaw ng lentehas. At nag-asawa siya ng mga Hentil. Kahit hindi perpekto ang paraan ni Jacob para tumanggap ng mga biyaya, nararapat niyang tanggapin ang mga ito.

Hindi naglalaho ang mga biyayang idinalangin ng isang lingkod ng Diyos. At ang taong nananalangin ay dapat aprubado ng Diyos (Deuteronomio 18:22).

Dapat kayong magtiwala sa salita ng Diyos na ipinapahayag at sa panalangin para sa mga biyaya, dapat magtiwala kayo nang walang pagbabago. Ito ang batas ng katarungan na dapat ninyong tandaan para tumanggap ng mga kasagutan (Marcos 11:24). Magtiwala kayo hangga't hindi sinasagot ang dalangin ninyo, hanggang sa huli. Huwag kayong magduda o manghina, nag-aalala kung totoong sasagutin ang idinadalangin.

## 2

### Dapat kayong mag-alay ng 'masarap na pagkain' na magbibigay ng lugod sa Diyos.

Para tumanggap ng mga sagot at mga biyaya, at para mabilis ninyong tanggapin ang mga ito, maghandog kayo sa Diyos ng 'masarap na pagkain'. Dadating agad ang mga biyaya sa ilang tao habang mabagal naman ang pagdating nito para sa iba. Ang pagkakaibang ito ay depende kung naghandog kayo ng masarap na pagkain sa Diyos o hindi.

Sa Genesis 27:4, sinabi ni Isaac kay Esau, "Ipaghanda mo ako ng masarap na pagkain gaya ng aking ibig, at dalhin mo rito sa akin at ako'y makakain, upang ikaw ay mabasbasan ko bago ako mamatay." Pero batid ni Isaac na ang dalangin para sa mga biyaya ay hindi darating sa kanya ng walang kondisyon. Ibig sabihin, dapat may pananampalataya siya na totoong darating ito. Dahil dito, nagpadala siya kay Esau ng masarap na pagkain na makakalugod sa kanya at magpapapayapa ng isipan niya.

Ganito rin ang paraan kapag may hinihingi kayo sa Diyos. Dapat may gawin tayo. Ito ay sapagkat magiging perpekto ang pananampalataya sa harapan ng Diyos kung sasabayan natin ito ng mga gawa. Sinasabi ng Santiago 2:22, "Nakikita mo na ang pananampalataya ay gumagawang kalakip ng kanyang mga gawa, at ang pananampalataya ay naging ganap sa pamamagitan ng mga gawa."

Ibinigay ng balo ng Zarefta sa propeta ang natitirang pagkain niya na kakainin sana nilang mag-ina bago sila mamatay. Dahil sa ginawa niyang ito na may kalakip na pananampalataya, tumanggap siya ng malaking pagpapala, hindi naubos ang pagkain nila hanggang matapos ang tagtuyot. At sa Filipos 4:18-19, mababasa natin na binasbasan ni Pablo ang iglesya ng Filipos nang maghandog sila para sa ministeryo niya. Sinasabi, "Ngunit mayroon ako ng lahat ng bagay at sumasagana; ako'y busog, palibhasa'y tumanggap kay Epafrodito ng mga bagay na galing sa inyo na mabangong samyo, isang handog na kaaya-aya at kalugod-lugod sa Diyos. At pupunuan ng aking Diyos ang bawat kailangan ninyo ayon sa Kanyang mga kayamanan sa kaluwalhatian kay Cristo Jesus."

Kaya, kung lalapit kayo para humingi sa panalangin, maghanda kayo ng masarap na pagkain na makapagbibigay ng lugod sa Diyos. Ibig sabihin, dapat ninyong antigin o haplusin ang puso ng Diyos sa pagpapakita ninyo sa Kanya ng inyong pagmamahal at katapatan.

Pagsasagawa ng kalooban ng Diyos – masarap na pagkain ang nagagalak palagi, nananalangin ng walang patid, at nagpapasalamat sa lahat ng bagay (1 Mga Taga-Tesalonica 5:16-18). At masarap na pagkain din ang pagtupad ng 7 pamantayan sa pagsukat ng pitong Espiritu: pananampalataya, kagalakan, pananalangin, pagpapasalamat, pagsunod sa mga utos, katapatan, at pag-ibig. Halimbawa, kapag nagsikap ang isang tao na sumunod sa mga utos ng Diyos sa buong buhay niya, at nagiging tapat siya hanggang sa kamatayan niya, nagbibigay kayo sa Diyos ng masarap na pagkain.

Magbibigay kayo ng masarap na pagkain sa pamamagitan ng pagtanto at pagsasabuhay ng mga tuntunin sa paghahasik at pag-aani tulad ng paghubog ng puso, pagsunod sa buong Sabbath, pagbigay ng buong ikapu, at paglakad sa tamang daan. Kapag nananalangin kayo at dadalo sa pagsamba, gawin ninyo ito nang buong puso. Ibigay ninyo ang lahat nang may katapatan, oras, pera, o talento, ng may pasasalamat sa mga pagpapalang tinanggap. Tumuon sa pagbabahagi ng ebanghelyo, at alagaan ang mga kaluluwa. Lahat ng ito ay masarap na pagkain.

Gaya ng sinasabi ng Efeso 5:10, "...na inaalam kung ano ang kalugud-lugod sa Panginoon," magsikap kayong hanapin kung ano ang maibibigay ninyo bilang pagkaing masarap. Kung gagawin ninyo ito, sasagutin ang lahat ng idinadalangin ninyo.

# "Umaasa Akong Makakapasok sa Pinakamagandang Lugar sa Langit, ang Bagong Jerusalem!"



Kapatid Benjing Setu, 21 taong gulang, Colombia Manmin Church

Noong taong 2011, mula sa Venezuela pumunta ako sa Colombia para mag-aral. Noong sumunod na taon, tinawagan ako sa telepono ng mga magulang kong nasa Venezuela para ibalita sa akin ang tungkol kay Dr. Jaerock Lee at Manmin Central Church sa Korea.

Marami ang nakuha nilang pagpapala sa panonood sa Enlace TV, pangunahing Cristianong istasyon ng telebisyon sa Latin America. Pinanood din nila ang mga sermon ni Dr. Lee sa YouTube at sa website ng iglesya. Binasa nila ang mga librong sinulat niya, *My Life My Faith; Spirit, Soul, and Body* at *Awaken, Israel!* May salin din nito sa wikang Kastila.

Noong magsimula ang taong 2013, sinunod ko ang payo ng mga magulang ko, nagsimula akong dumalo sa Colombia Manmin Church. Nang magkaroon ng espesyal na okasyon ang Colombia Manmin Church, dumalo ang mga magulang ko. At dahil sa kapangyarihan ng panyong dinalanginan ni Dr. Lee, gumaling ang operasyon ng tatay ko sa 'tubinal cancer' at nawala ang pananakit ng mga binti ng nanay ko (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Naging ganado din ako sa pagsulong ng buhay ko bilang Cristiano. Binasa ko ang mga libro ni Dr. Lee na *Awaken, Israel!; Ang Mensahe ng Krus; Wisdom; Hell; Love is the Fulfillment of the Law; My Life, My Faith; Spirit, Soul, and Body.*

Noong Marso 2016, naranasan ko ang pagpapagaling ng Diyos. Sumakit ang dibdib ko dahil sa sobrang pageehersisyo, nahirapan akong huminga. Tinanggap ko ang panalanging may panyo mula kay Pastor David Jang bago magsimula ang pulong-panalanging Daniel. Nag-init ang katawan ko, pagkatapos, bumuti ang pakiramdam ko.

Noong Hulyo 2016, may isang pangyayaring ikinamangha ng pamilya ko. Nagbago ang buhay ng kapatid kong lalaki. Sa loob ng dalawang taon, pumasok siya sa isang high school sa America. Gustung-gusto niyang maglaro ng video games mula noong maliit pa siya. Hindi siya nakikipag-usap sa amin, tinutuya pa niya kahit na anong bagay.

Pero, magmula noong dumalo siya sa pagsamba para sa ika-4 na anibersaryo ng Colombia Manmin Church na idinaos ni Rev. Heesun Lee, Pandaigdigang Tagapatnubay na Pastor ng Manmin, ganap ang naging pagbabago niya. Sinabi niyang gustung-gusto niya ang mga sermon ng Punong Pastor, binabasa pa niya ito sa website. Nagsimula na din siyang manalangin.

Noong Agosto 2016, dumalo ako sa retreat sa Tag-init ng Manmin. Gaya ng narinig ko, maraming tao ang napagaling, dumapo din sa akin ang mga tutubi, at napakabuti ng lagay ng panahon. Nang maranasan ko ang pagkilos ng Diyos, nagpasalamat ako. Damang-dama ko ang pag-ibig at saya ng Diyos Ama. Sa Papuri at Pagsamba sa tabi ng campfire, nadama ko ang maalab na hangarin ng pastol na dalhin kami sa pinakamabuting tirahan sa langit, ang Bagong Jerusalem. Nagkaroon ako ng malaking pag-asa at kalakasan para magbabago ako, makakapasok ako sa Bagong Jerusalem.

Puspos ako ng pag-ibig ng Diyos, ng Panginoon, at ng pastol. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagnanais na tumulong sa akin para maging masaya ako sa lahat ng oras.



Si Kapatid na Benjing (dulong kanan), kasama ang pamilya niya (mula sa kaliwa, kapatid na lalaki, tatay, kapatid na babae, at ang nanay niya)

# "Ipinagmamalaki Ko ng Buong Puso ang Diyos ng Manmin!"

Diakonesa Mijeong Kim, 44 taong gulang, Daejeon Manmin Church



Noong nakaraang taon pa, inabangan ko na ang Retreat sa Tag-init ng Manmin 2016. Gustong-gusto kong magkaroon ng kasagutan ang panalangin ko. Winiwisikan ko ng Muan Sweet Water ang bibig, mga mata, at buong mukha ko araw-araw, sa umaga at sa gabi. Ipinahayag ko ang pananampalataya ko at naghandog ako ng pangakong panalangin at pag-aayuno (Exodo 15:25).

Magmula noong high school ako, malala na ang diperensya ng mga mata ko (astigmatic), dalawa o tatlo ang tingin ko sa iisang bagay. Kapag pagod ako, humahapdi ang mga mata ko, parang luluwa, kaya sumasakit ang ulo ko. Noong magsimula ang Abril 2016, sumakit ang lalamunan ko, at lumala ito. Masakit ito kahit hindi ako lumulunok. Masakit din ang kanang tainga ko, lalo na kapag pinipisil ko ito. Ayon sa pagsusuri, namamaga ang lalamunan at tainga ko.

Noong Agosto 8, dumalo ako sa Retreat sa Tag-init ng Manmin, isinama ko ang nanay kong si Punong Diakonesa Ohju Seo, 75 taong gulang. Nanghihina ang kanang bahagi ng katawan niya. Idinalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang mga maysakit sa pagpupulong na may banal na pagpapagaling. Nang tanggapin ko ang panalangin, may naamoy akong mabangong bulaklak. Akala ko may naglagay ng pabango, pero pagmulat ng mga mata ko, wala naman pala.

Natanto ko na gagaling ako sa gabing iyon. Muli kong ibinukas ang mga mata ko, ang nanay kong nakaupo sa tabi ko ay wala na sa upuan niya. Umakyat pala siya sa entablado para magpatotoo tungkol sa paggaling niya. Walang pakiramdam sa loob ng apat na taon ang mga kanang kamay at paa niya dahil sa hemiplegia, pero gumaling siya habang nananalangin.



Pagkatapos ng pagpapatotoo niya, inalalayan ko siya pagbaba sa entablado. Nang sandaling iyon, napansin kong malinaw na ang paningin ko, para napakaaliwalas ng panahon. Nawala na rin ang pananakit ng kanang tainga ko. Sinubukan kong lumunok, nawala na rin ang pananakit ng lalamunan ko. Hallelujah!

Sinabi ng nanay ko, "Natanto ko kung bakit Manmin ang tawag sa iglesyang ito. Ang ibig sabihin ng Manmin ay (lahat ng tao sa lahat ng bansa) ay maliligtas. Pakiramdam ko, nasa Langit na ako. Sa Manmin ko lang tatanggapin ang malaking pagpapala tulad nito." Napakasaya niya. Wala na akong masasakit na nararamdaman sa lalamunan, tainga, mga mata, at ulo. Naging malinaw ang paningin ko. Lahat ng bagay ay malinaw, ang langit na asul, mga puno, at mga bulaklak. Masayang-masaya ako sa linaw ng mga bagay na nakikita ko araw-araw.

Lahat ng pagpapasalamat at pagluluwalhati ay ibinibigay ko sa Diyos ng pag-ibig na nagpagaling sa amin at nagnanais na magbigay sa amin ng mabubuting bagay.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714